



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Kinapatnubayan ng Marzismo-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu

Disyembre 26, 2022

Edisyong Pilipino

Jose Ma. Sison

Pebrero 8, 1939 - Disyembre 16, 2022



Ka Julie sa lamay ni Ka Joma sa Utrecht, The Netherlands, Disyembre 19, 2022

Hindi magagapi ang demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino 3

Lagi Niyo Akong Kapiling 14

Ang Gerilya ay tulad ng Makata 15

Resolusyon ng Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas 16

Mabuhay ang alaala ni Ka Joma! Palakasin ang Partido at isulong ang rebolusyon! 22

Inilathala ng
Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

Buong pagbibinagpis na ako na ang maglalabas ng huli at katapusang mensabe ng aking asawa sa mga rebolusyonaryong pwersa at sambayanan sa ika-54 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sinimulan niyang talakayin sa akin ang balangkas at pagsusulat ng mensabe ilang araw isang buwan na ang nakararaan matapos lamang makalabas sa ikalawa niyang pagkaka-ospital noong Nobyembre at bago nagsimula ang ikatlo at huling pagkaka-ospital niya noong Nobyembre 28. Simulat niya sa papel ang unang borador, na ipinasok ko sa kompyuter na kanyang muling binasa at dalawang ulit na iwinasto para mabuo ang huling borador na ito.

Mga labinlimang minuto bago ang huling hininga ni Joma, tungkol pa rin sa pagtitiyak ng pagtatagumpay ng rebolusyon at pag-abante sa sosyalismo ang kanyang mga sinasabi. Hanggang sa huli niyang pag-iisip ay trawala siya sa sambayanang Pilipino na kanyang pinaglingkuran ng buong katatagan.

Juliet de Lima Sison
Disyembre 20 2022

**HINDI MAGAGAPI
ANG
DEMOKRATIKONG
REBOLUSYON NG
SAMBAYANANG
PILIPINO**

Jose Maria Sison
Pangulong Tagapagtatag
Partido Komunista ng Pilipinas
Disyembre 26, 2022

Mula nang muling itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 26, 1968 at ang maagap na pagtatatag ng Bagong

Hukbong Bayan noong Marso 29, 1969, lahat ng reaksyunaryong rehimen ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas (mula panahon ni Ferdinand Marcos Sr hanggang kasalukuyan) ay gumamit at nagpatupad ng estratehikong pang-operasyon plano para wasakin ang demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino.

Subalit laging lubos na nabigo ang mga estratehikong “oplan” at sa halip ay nagresulta sa makabuluhang paglago ng rebolusyong kilusan. Pinatawan pa ng pasistang diktadura ni Marcos ang bayan noong 1972 hanggang 1986 sa tabing ng pagsupil sa PKP at sa armadong rebolusyon, “pagsalba sa republika at pagtayo ng bagong lipunan.” Subalit ang pag-agaw niya sa kapangyarihan ay lalo lamang nagpasigla at nagpabilis sa lahatang-panig na paglago ng rebolusyong kilusan sa buong bansa. Kalaunan, binigyang-inspirasyon at sinuportahan ng armadong rebolusyon ang mga pangmasang pag-aalsang bayan sa Metro Manila at buong bansa upang patalsikin sa poder ang pasistang diktadura.

Sinubukang gamitin ng huwad na mga liberal demokratikong rehimen kasunod ng pasistang diktadurang Marcos ang kani-kanilang pangmilitar na estratehikong “oplan” gamit ang mga taktika ng panlilinlang, kabilang ang pag-aalok ng matagalang tigil-putukan at usapang pangkapayapaan na hindi nilulutas ang mga ugat ng armadong tunggalian o gera sibil. Lahat ng reaksyunaryong rehimen ay nahumaling sa hangaring durugin ang rebolusyong kilusan at panatilihin ang di makatarungang naghaharing sistema ng pang-aapi at pagsasamantala.

Anumang oras ay ginagamit ang baraha ng kontra-terorismo upang ibalam, suspendihin o tapusin ang usapang pangkapayapaan, sa kabila ng mga mayor na magkasanib na kasunduan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines tulad ng The Hague Joint Declaration noong 1992 bilang balangkas ng usapang pangkapayapaan at ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law noong 1998.



Sa kabila ng usapang pangkapayapaan, bawat reaksyunaryong rehimen ay nagsagawa ng mga pagpatay sa mga kadre at kasapi ng rebolusyong kilusan. Nang madakip ng BHB si General Obillio ng reaksyunaryong armadong pwersa sa ilalim ng CARHRIHL at internayunal na batas noong 1998, kaagad nitong idineklara ang kahandaang palayain siya bilang bihag sa digma matapos pagkasunduan ang ligtas na proseso ng pagpapalaya sa kanya. Subalit patuloy na ikinagalit ito ni Estrada at ginamit ang pagkadakip sa kanyang heneral upang maging unang reaksyunaryong presidente na nagtapos ng usapang pangkapayapaan noong Mayo 1999.

Matapos siyang pabagsakin ng pangmasang pag-aalsa ng bayan noong 2001, nakipagkasundo ang rehimen ng Arroyo na muling buksan ang usapang pangkapayapaan noong 2002, kasama ang Royal Norwegian Government bilang third-party facilitator. Subalit noong 2004, malinaw nang sinusunod ng rehimen ng Arroyo ang dikta ng US na iantala ang negosasyon sa sustantibong mga isyu at walang-taning itong isuspinde at maglunsad ng mas malalaking operasyong militar sa ngalan ng “whole-of-nation-approach.” Bigong-bigo ang mga operasyong militar na durugin ang digmang bayan. Ang nauulol na anti-komunistang *defense secretary* malao’y magpapakamatay nang malantad ang kanyang korapsyon sa paghawak sa badyet ng militar at maging sa pondo sa pagreretiro ng mga upisyal at tauhan ng AFP.



Kasama ang yumaong si Atty. Romeo Capulong, dating abugado ng NDFP



I. LUBOS NA PAGESABOTAHE SA USAPANG PANGKAPAYAANG GRP-NDFP

Subalit ang pinakamalala ay nang magpresidente si Duterte. Nagpanggap siyang pursigidong makipag-usapang pangkapayapaan subalit isinagawa niya ang isang todo-gerang patakaran laban sa rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagpapalawig ng Oplan Bayanihan ni Aquino hanggang Enero 2017 nang sinimulang ipatupad ang Oplan Kapayapaan. Sa halip na makiisa sa NDFP sa paglutas sa mga ugat ng gera sibil sa pamamagitan ng mga batayang reporma sa lipunan, ekonomya at pulitika, nagkonsentra siya sa di importante at kalokohang mga taktika para itulak ang rebolusyonaryong kilusan na sumuko sa pamamagitan ng paghingi sa demokratikong gubyernong bayan na isuko ang lehitimo nitong kapangyarihan, pag-alok ng mga kinatawan ng PKP sa kanyang gabinete kahit wala pang kasunduang pangkapayapaan, at pagkatapos ay kontrahin ang sarili nang isinama ang BHB sa target ng kanyang proklamasyong batas militar laban sa grupong Maute sa Mindanao noong 2017.

Matapos mabigo sa makitid na layuning isahan ang NDFP, sumang-ayon si Duterte sa kanyang mga tauhang militar na ihinto ang seryosong usapang pangkapayapaan sa NDFP sa pamamagitan ng paglikha ng ingay ng “lokalisadong usapang pangkapayapaan” na nasa ilalim ng sarbeylans at kontrol ng GRP. Nahumaling si Duterte at mga upisyal ng AFP sa pagpapalaki ng badyet ng militar para sa walang kabusugang korapsyon at operasyon para sa pagred-

Kasama ang asawang si Ka Julie, kasalukuyang pangulo sa NDFP negotiating panel



Kasama ang yumaong si Fidel Agcaoili, dating pangulo ng NDFP negotiating panel



tag, paninindak at mga pagdukot, pagbimbin, pagtortur at pagpatay sa kanyang mga kalaban sa pulitika. Kaya, inilatag ang batayan para tapusin ni Duterte ang usapang pangkapayapaang GRP-NDFP noong Nobyembre 23, 2017 matapos hayagang kumunsulta kay US President Trump.

Ang pagtatapos ni Duterte sa usapang pangkapayapaan mula 2017 ay ginawa hindi lamang bilang taktika sa negosasyon kundi simula ng permanenteng pagwawakas sa usapang pangkapayapaan. Kasunod nito, pinangalanan at itinalaga ni Duterte ang PKP at BHB na terorista noong Disyembre 5, 2017, at isinunod rin ang NDFP, nilikha ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NT-Elcac) at sinamantala ang pandemyang Covid-19 para isagasa ang Anti-Terror Law (ATL) sa sunud-sunuran Kongreso at likhain ang Anti-Terrorism Council para ipailalim muli ang Pilipinas sa terorismo ng estado o pasistang diktadura, walang-pakundangang labagin ang pambansa at demokratikong mga karapatan ng bayan at bigyang-daan ang pagtatraydor, tiraniya at pagnanakaw ng mga nasa kapangyarihan.

Sa anti-nasyunal at anti-demokratikong balangkas na ito, ipinasa ni Duterte ang reaksyunaryong gubyerno at naghaharing sistema sa tambalang Marcos Junior-Sara Duterte sa pamamagitan ng lubos na pagkontrol sa automated na sistemang eleksyon at paggawa ng 20 milyong boto pabor sa tambalan at mga kandidato sa Kongreso at lokal na pwestong ehekutibo. Ang umiiral ngayong rehimeng Marcos-Duterte ay nasa ilalim ng dikta ng imperyalismong US at ng malalaking komprador-burukratang interes ng mga dinastiyang Marcos at Duterte, at magpapatawad at magpapatuloy sa higanteng mga krimen ng nagdaang rehimen hanggang sa panahong kakayanin na ng mga pwersang oposisyon, rebolusyonaryong kilusan at malawak na masa ng sambayanan, na kumilos para baguhin ang sitwasyon sa Pilipinas.

Samantala, magdurusang sambayanang Pilipino sa tumataas na antas ng pang-aapi at pagsasamantala dahil sa lumalalang pamalagiang krisis ng naghaharing sistema at mga patakarang kontra-pambansa at kontra-demokratiko ng tambalang Marcos-Duterte. Araw-araw, pinagdurusahan, sinasalungat at nilalabanan nila hindi lamang ang madudugong paglaban sa

karapatang-tao, kundi pati ang pekeng mga balita ng kampanyang saywar ng mga nasa kapangyarihan na isinuko na ng sambayanang Pilipino at ang kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang rebolusyonaryong pakikibaka para pambansang kalayaan at demokrasya.

Lubos na kasinungalingan na lumiliit at nagugupo ang mga rebolusyonaryong pwersa ng bayan at na ang mga Pulang kadre, kumander at mandirigma-pawang subok at pinanday sa mahigit 54-taon ng matagumpay na digmang bayan-ay maramihang napapatay o nadadakip sa mga nakapokus na operasyong militar o sumusurender dahil sa mga solusyong pantapal tulad ng batbat sa korapsyon na Enhanced-Comprehensive Local Integration Program, Community Support Program at Barangay Development Program. Pero hingi pa rin naman nang hingi ang naghaharing pangkatin at mga utusang militar ng mas malaking pondong pampubliko hindi lang para sibasibin ang mamamayan kundi para din makapagbalsa ng mas malaking bahagi ng badyet militar.

Ang totoo, upisyal na inamin ng reaksyunaryong



Ipinagbunyi ng mga Pulang mandirigma sa Negros ang buhay ni Ka Joma, Disyembre 19, 2022

armadong pwersa na lumakas ang BHB sa panahon ng rehimeng Duterte. Sa pagtatapos ng rehimeng Aquino II noong Enero 2016, nang sinabi nilang tagumpay ang Oplan Bayanihan, inianunsyo nila na 3,900 na lamang ang bilang ng kumander at mandirigma ng BHB. Ngayon, sinasabi nila sa pagtapos ng rehimeng Duterte na napasurender nila

ang halos 24,000 Pulang mandirigma. Hindi sinasadya na inilantad nila ang sarili nila na malalaking sinungaling at magnanakaw ng badyet at inaaming lumawak pa nga ang BHB sa panahon ng rehimeng Duterte.

II. BAKIT HINDI MAGAGAPI ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

Hindi magagapi ang demokratikong rebolusyong ng sambayanang Pilipino dahil makatarungan at kailangang ipaglaban at kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya laban sa tatlong buhong na pwersa ng dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo sa mabilis na naaagnas na lipunang malakolonyal at malapyudal. Itong bagong demokratikong rebolusyon ay pagpapatuloy ng lumang demokratikong rebolusyon na sinimulan noong 1896 ng Katipunan na nagtagumpay laban sa kolonyal na paghahari ng Espanya subalit nagapi ng gerang agresyon ng US na nagsimula noong 1898. Sa panahong ito, ang namumunong uri sa rebolusyon ay hindi na ang liberal na burgesya kundi ang proletaryado sa panahon ng modernong imperyalismo at proletaryong rebolusyon.

Habang ang nabanggit na tatlong pwersang buhong ay naghahari at umaapi sa bansang Pilipinas, mananatiling mataba ang lupa para lumakas at sumulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang pamalagiang krisis ng naghaharing sistema ay lumalala hindi lamang dahil sa mga salik ng pagsasamantala at pang-aapi sa loob ng Pilipinas kundi ng sa pandaigdigang sistemang kapitalista, pangunahing ang monopolyong kapitalismong US. Mapalad ang Pilipinas na mayroon itong mayamang likas na rekurso para sa sariling pag-unlad, pero sa kasamaang palad, laging nagkakasundo ang mga imperyalistang kapangyarihan at ang kanilang mga reaksyunaryong papet na samantalain ang murang lakas-paggawa ng masang anakpawis na mga manggagawa at magsasaka at ang mayamang likas na rekurso ng sambayanan.

Sa bawat mayor na pihit ng patakarang pang-ekonomya nito sa East Asia, laging tinitiyak ng imperyalismong US na pigilan ang kaunlarang pang-ekonomya sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon sa Pilipinas. Nakita natin ang gayong penomenon nang pinaburan



Pagpaparalang ng mga Pulang mandirigma kay Ka Jama, Disyembre 19, 2022

ng US ang rekonstruksyon at pagpapalawak ng ekonomya ng Japan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang paglago ng ekonomya ng mga “tigreng ekonomya” para magsilbing anti-komunistang unang hanay noong Cold War at nang itinaguyod nito ang neoliberalismo at pasismo at pinaulad ang neoliberal na pakikipagtuwang sa China hanggang sa kasalukuyang pagpuputol at papatinding kompetisyong pang-ekonomya at ribalan sa pulitika.

Sa itinakbo ng pinakamalapit na neoliberal na pakikipagtulungan sa China, hinikayat at pinahintulutan ng US at mga punong papet ng Pilipinas ang China na manghimasok sa West Philippine Sea para magkaroon ang US ng dahilan na ikutan ang pagbabawal sa konstitusyon sa mga dayong base militar at pwersa sa Pilipinas sa pamamagitan ng Enhanced Defense Cooperation



21-gun salute ng mga madirigma ng BHB-Central Luzon para kay Ka Joma

Agreement para pahintulutan ang mga pwersang militar ng US na magkaroon ng eksklusibong mga base at pasilidad sa loob ng mga kampo at reserbasyong militar ng reaksyunaryong armadong pwersa. Pero ngayon, litaw ang pakikipagtunggali ng US sa China sa pagdambong sa likas na yaman ng Pilipinas at ng buong ASEAN.

Higit kailanman pursigido ang China na hawakan ang kanyang mga artipisyal at militarisadong isla sa West Philippine Sea dahil ang sarili nitong eksplorasyon sa ilalim ng dagat ay nagpapakitang mayroong di bababa sa \$26.3 trilyong halaga ng gas, higit sa kailangan para ipatupad ang tunay na reporma sa lupa at industriyalisasyon ng Pilipinas, at gayo'y tuparin ang pangunahing hinihinging sosyo-ekonomiko sa usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP. Sa kabila ng lahat ng pagpapakabanal at makinang na mga salita ng pagtulong sa pag-unlad ng ASEAN at pagbawas ng carbon emission pagsapit ng 2030, nagpupursige ang China na agawin ang yamang gas, pandagat at iba pang likas na rekurso ng mamamayang Pilipino sa West Philippine Sea.

Bangkarote ang ekonomya at guberno ng Pilipinas dahil sa panloob na sakit nito at sa hindi pa napapantayang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Dahil sa sagarang korapsyon, pagkokonsumong nakasalalay sa importasyon at sobrang gastos militar, mahigit dalawang ulit na pinalaki ng rehimeng Duterte sa loob ng anim na taon tungong ₱12.5 trilyon ang pampublikong utang ng Pilipinas na ₱5.9 trilyon na naipon mula 1902. Tinulungan niya si Marco Jr sa pamamagitan ng pagpeke ng 20 milyong boto noong nakaraang eleksyon, pero malaking problema ang ibinigay kung

saan hahanap ng ₱1.6 trilyon para magbayad ng amortisasyon at interes para suportahan ang ₱5.2 trilyong badyet sa 2023.

Niyayanig ngayon ang Pilipinas sa napakasamang kundisyon ng depresyong pang-ekonomya, pagbagsak ng eksport ng hilaw na materyales at paggawa, pagbawas ng kita sa buwis at mahigpit na internasyunal na pautang. Napakatarik ng pagbagsak ng produksyon at empleyo. May sobrang pagbagsak sa produksyon ng pagkain, kabilang ang bigas, mga gulay at isda, at pumailanglang ang implasyon. Subalit ipinakakalat ng naghaharing pangkating Marcos-Duterte ang masakit na biro na pwede namang bumili ang mamamayan ng imported na pagkain, sa kabila ng malaking pagbagsak ng kita dahil sa pag-eksport ng hilaw na materyales at murang lakas-paggawa.

Galit na galit ang sambayanang Pilipino na ang dalawa sa pinakamasahol na dinastiyang pampolitika (mga Marcos at Duterte) ang naghahari sa Pilipinas, walang solusyon sa saligang suliranin ng bayan, habang sangkot sa pinaka-eskandolosong anyo ng korapsyon (halimbawa, ang di tinutuos na pondong confidential at pang-intelidyens) at paglaki ng badyet ng militar para sindakin ang mamamayan at supilin ang paglaban ng masa sa kabila ng linyang saywar na durog na ang mga rebolusyonaryong pwersa o na ang aktwal nilang lakas ay limang larangang gerilya na lamang sa buong bansa.

III. PATULOY NA MABIBIGO ANG ARMADONG KONTRA-REBOLUSYON

Patuloy na mabibigo ang isinasagawang armadong kontrarebolusyon ng naghaharing tambalang Marcos-Duterte dahil ginagawang imposible ng obhetibong kalagayan ng mabilis na lumalalang krisis ng naghaharing sistema para maghari sa dating paraan ang mga naghaharing uring malalaking komprador at panginoong maylupa at kanilang mga burukrata (huwad na liberal man o pasistang paraan); at dahil ang mga suhetibong pwersa ng rebolusyonaryong kilusan at ang malawak na masa ng sambayanan ang tunay na nag-iipon ng lakas at nagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon sa ilalim ng maka-uring pamumuno ng proletaryado at alinsunod sa pangkalahatang linya ng matagalang digmang bayan.

Bilang abanteng destakamento ng proletaryado, malalaki ang nakamit ng PKP sa kanyang gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ginagabayan ito ng teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at inilapat ito sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayang panlipunan ng sambayanang Pilipino. Iniabante nito ang pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan na may estratehikong linya ng matagalang digmang bayan at may perspektibang sosyalista. Itinataguyod nito ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo at naitatag ang pambansang organisasyon na mahusay na nakasanib sa masang anakpawis na mga manggagawa at magsasaka at iba pang bahagi ng mamamayan.

Imposible na mapipigilan ng reaksyunaryong estado ang mga kadre ng PKP na ipatupad ang kanilang mga tungkulin sa gawaing ideolohiya. Sa paglipas ng mga taon at dekada, sa pangunguna ng Rebolusyong Paaralan ng Kaisipang Mao Zedong, nakapagbigay- edukasyon sila sa mas marami pang kadre at kasapi ng Partido sa takbo ng paggagawaing masa at naipadaan sila sa batayan, intermedya at abanteng antas ng edukasyon ng Partido matapos makuha ang



Mga mandirigma ng BHB mula sa North Central Mindanao nakapormasyon para sa 21-gun salute na alay kay Ka Joma

rebolusyonyong araling pangmasa para sa mga aktibistang masa.

Napakaraming paraan na maisagawa ang mga rebolusyonyong pag-aaral na hindi kayang tiktikan ng kaaway at napakarami ngayong magagamit sa pag-aaral na nakalimbag man o digital.

Sa kanilang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya, itinuturing ng sambayanang Pilipino ang PKP bilang pinakaimportanteng rebolusyonyong sandata para sa pamumuno sa demokratikong rebolusyong bayan. Sa panig nito, ginagamit ng PKP ang dalawang makapangyarihang sandata, ang armadong pakikibaka at nagkakaisang prente (sa anyo ng Bagong Hukbong Bayan at ng National Democratic Front of the Philippines). Ang BHB ang pangunahing pwersa para sa paglaban at paggapi sa mapaniil na aparato ng reaksyunaryong estado at para maitayo ang bagong demokratikong guberno. Ang NDFP ang responsable sa pagbubuo ng komprehensibong pambansang nagkakaisang prente at pagkabig sa sampu-sampung milyong mamamayan sa panig ng rebolusyon laban sa armadong kontrarebolusyon.

Ipinatutupad ng BHB ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan. Sa malakolonyal at malapyudal na bansang tulad ng Pilipinas, makikita sa kanayunan ang pinakamalapad na posibleng panlipunan at pisikal na tereyn at erya para sa maniobra para sa pagpapalakas ng hukbong bayan sa pagdaan sa tiyak na mga estratehikong yugto tulad ng depensiba, pagkapatay ac kontra-opensiba. Karamihan ng mga tao'y nasa kanayunan. At ang pangunahing demokratikong nilalaman ng digmang bayan ay rebolusyong agraryo, na sumasagot sa pangunahing demokratikong kahingian para sa lupa.

Tungkuling isulong ng BHB ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng paglaban, isakatuparan ang tunay na reporma sa lupa mula sa minimum tungong maksimum na antas at itatag ang rebolusyonyong baseng masa. May mayor na papel ito sa pagtatayo ng mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika na bumubuo ng demokratikong gubyernong bayan, at pagsusulong ng mga kampanyang masa para sa edukasyon at organisasyon, reporma sa lupa at kaunlarang sosyoekonomiko, pagtatanggol-sa-sarili, paglutas sa mga sigalot, pangangalaga sa kalikasan at iba pang importanteng tungkulin.

Alinsunod sa yugto ng estratehikong depensiba, naging matagumpay ang BHB sa pagsulong ng digmang bayan sa pamamagitan ng pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalpad at papalalim na baseng masa. Pinahintulutan nito ang BHB na magtayo ng mga larangang gerilya sa umpisa sa ilang erya at rehiyon at malao'y sa labing-isang mayor na isla na tinitirahan ng 94% ng mamamayan. Ngayon, kumikilos ang BHB sa 74 sa 82 prubinsya ng Pilipinas at tinatamasa ang suporta ng sambayanang Pilipino at ng NDFP sa lahat ng prubinsya ng Pilipinas.

Ipinagmalaki ng bawat reaksyunaryong rehimen na kaya nitong durugin ang armadong rebolusyon sa loob ng termino ng sinumang presidente. Subalit tinatakdaan ang kakayahan nito na kontrolin ang populasyon at supilin ang paglaban ng bayan ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng naghaharing sistema at ng papalala nang papalala nitong pamalagiang krisis. Anumang sandali, malaya ang BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa na kumilos at maglunsad ng mga taktikal na opensiba sa mahigit 80% ng buong kapuluan ng Pilipinas.

Siyempre, gagawin ng reaksyunaryong armadong pwersa at pulis ang lahat ng kaya nila upang tukuyin ang mga larangang gerilya ng BHB at itarget ng nakapokus o konsentradong mga kampanyang militar. Subalit lubos na napakinabangan ng BHB ang estratehiya at taktika ng pakikidigmang gerilya. Kapag umaabante ang superyor na pwersa ng kaaway, umaatras ang pangunahing pwersa ng BHB subalit naglalalatag ng mga *command-detonated na land mine* at mga pangkat ng mga snayper laban sa umaabanteng kaaway. Kapag pinasok at hinawakan ng kaaway ang isang erya ng larangang gerilya, minamanmanan ng BHB ang pakat ng kaaway upang alamin paano iharas ang kampo ng kaaway, birahin ang mga gwardya sa perimetro at tambangan ang mga yunit na nagpapatrulya.

Kapag ang nakakampong kaaway ay napagod at umatras, BHB naman ang aabante at magdadala ng mas opensibang pagbira. Pero habang mistulang nakalalamang ang kaaway sa pag-abante at pagkampo, ang pwersa ng BHB na taktikal na umatras sa isang larangang gerilya ay maaaring maglunsad ng mga taktikal na opensiba na kaya nitong pagtagumpayan sa mga kalapit na lugar. Pinakamasama para sa kaaway, katulad ng karaniwang nangyayari, sa maraming larangang gerilya sa isang rehiyon at sa lahat ng iba pang rehiyon, pwedeng kunin ng BHB ang inisyatiba sa



Martsa ng mga organisasyong masa sa loob ng UP-Diliman bilang parangal kay Ka Joma, Disyembre 19, 2022

paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa pamamagitan ng pagpapalakas sa kanilang sarili sa pakikibaka at pagtulong sa mga larangang gerilya na nasa pokus o konsentradong atake ng kaaway.

Sa kabuuan ng kanyang kasaysayan, mahusay at matagumpay ang PKP sa pagtatayo ng pambansang lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng pamumuno at pagkoordinar sa kanila sa iba't ibang anyo ng pakikibaka at, sa larangan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, paggamit ng isang nakatayong larangang gerilya para mag-anak ng ibang larangang gerilya sa isang rehiyon at magbigay ng makaranasang mga kadre ng PKP at kumander at mandirigma ng BHB sa ibang mga rehiyon.

Ang naunang larangang gerilya sa Tarlac noong 1969 ay humantong sa pagbubuo ng ilang larangang gerilya sa Central, Northern at Southern Luzon mula 1969 hanggang 1971 at ang malaking alon ng mga pangkat pagpapalawak ng PKP-BHB sa Visayas at Mindanao mula 1972. At sa dekada rin ng 1970, ang mga larangang gerilya sa Visayas at Mindanao at nagpadala rin ng mga makaranasang kadre ng PKP at

kumander ng BHB sa Luzon. Malalim na malalim nang nakaugat ang PKP, BHB at NDFP sa buong bansa at mahigpit na nakasanib sa masang anakpawis na mga manggagawa at magsasaka at ibang bahagi ng mamamayan.

IV. TINATANAW NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

Ang demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas ay nasa yugtong ng estratehikong dependensya, umaabante sa panggitnang bahagi tungo sa abanteng bahagi. Sa kongkreto, pakikidigmang gerilya ang pangunahing anyo ng armadong pakikibaka na isinusulong sa buong bansa. Kasabay nito, umusbong ang mga kumpanya ng BHB mula sa mga platon bilang paghahanda para sa pagkukumpleto ng estratehikong dependensya at sumulong sa estratehikong pagkapatas kung saan ang mga kumpanya at batalyon ay magkakaroon ng mas malaking papel sa mga taktikal na opensiba.

Malamang na ang estratehikong pagkapatas na may mga kumpanya at batalyon ng BHB ay mas maiksi kaysa matagalan nang estratehikong dependensya. Ang mga pwersang ito na nasa matatag nang mga baseng erya ay maaaring ipunin bilang mga rehimento at batalyon sa mas maiksing panahon para sa estratehikong kontra-opensiba para agawin o pwersahin ang pagsurender ng huli, pinakamatibay at nahihawalay na natitirang pwersa ng kaaway. Ito ay isa lamang sa mga malamang na maaaring itatakbo batay sa mga nagtagumpay na mga gera sibil. Subalit mayroon ding taliwas na pwedeng mangyari na maglulunsad ang imperyalismong US ng gerang agresyon laban sa mamamayan bago magtagumpay ang rebolusyong Pilipino.

Pursigido ang reaksyunaryong tambalang Marcos-Duterte na ituloy ang armadong kontra-rebolusyon para ipreserba ang naghaharing sistema, paglingkuran ang interes ng imperyalismong US at gamitin ang kasalukuyang gera sibil para bigyangdaan ang gerang agresyon ng US. Walang mapagpipilian ang sambayanang Pilipino kundi isulong ang bagong demokratikong rebolusyon sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan hindi lamang laban sa reaksyunaryong estado sa kasalukuyang

gera sibil, kundi laban sa lumalaking panghihimasok militar at malamang na gerang agresyon ng imperyalismong US.

Subalit may lumalaking limitasyon sa kayang gawin ng US para pagharian ang Pilipinas, East Asia at ang buong mundo. Ito pa rin ang Number Unong kapangyarihang imperyalista subalit nasa estratehikong paghina ito mula sa pinakamalakas na inabot nito matapos naging solong superpower kasunod ng pagbagsak ng Soviet Union noong 1991, pagtuwang sa China sa globalisasyong “neoliberal,” pagpapalawak ng NATO, paglulunsad ng mga gerang agresyon sa ilalim ng tinatawag na patakarang neokonserbatibo, at paglulustay ng \$10 trilyon na walang nakamit na paglaki ng pagsasamantalahang teritoryo.

Ang hangganan ng kapangyarihan ng imperyalismong US ay nalantad ng kabiguan nitong saklutin ang yamang langis at magtayo ng 16 na base militar sa Iraq, wasakin ang alyansang Syria-Russia-Iran, wasakin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Turkish at Kurdish at hawakan ang Afghanistan na isinurender nito sa Taliban. Sa kasalukuyang sigalot sa pagitan ng Russia at Ukraine, ginagamit ng US ang Ukraine bilang proxy para bantaan at udyukin ang Russia na maglunsad ng gera subalit ang sigalot ay humantong lang sa paglulustay ng rekurso kapwa ng imperyalismong Russia at US. Itinulak din nito ang mga alyado ng US sa NATO na maghinaing kung bakit dapat silang gumastos ng mas malaki para sa suplay sa enerhiya mula sa US kaysa murang langis mula sa Russia.

Isang Pulang manggugubat sa Northeast Mindanao nakabalita sa pagpanaw ni Ka Joma



Sa kabila ng kamakailang ingay na nagsasabing kayang maglunsad ng US ng gerang agresyon pabor sa kanya laban sa China, DPRK at Russia, dapat paalalahanan ang mamamayan na nawala sa US ang kontrol nito sa mainland Asia at Eurasia noon pang ika-20 siglo matapos matalo sa serye ng mga gera. Ang hangarin ng imperyalismong US para sa mga gerang agresyon at ang peligro ng pandaigdigang gera at gerang nukleyar ay napipigilan pa ng takot na kapwa magkakaubusan at pagkaubos ng tao sa bahagi ng US at iba pang kapangyarihang nukleyar. Mas malaking banta pa sa sangkatuhan ngayon ang global warming kaysa gerang nukleyar.

Mabilis na lumalala ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista dahil sa sobrang akumulasyon ng monopolyong kapital at labis na paghuthot ng labis na halaga mula sa uring anakpawis at intelihensya. Umiigting ang lahat ng mayor na kontradiksyon tulad ng sa pagitan ng paggawa at kapital, sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan, sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng aping mamamayan at bansa at sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at mga bansang naggigiit ng pambansang kasarinlan at naghahangad ng demokrasya at sosyalismo.

Ang pagguho ng sistemang pampinansya noong 2008 ay lumala tungo sa isang pandaigdigang depresyon na malayong mas matagal at mas masidhi kaysa Great Depression noong dekada 1930 na humantong sa paglaka s ng pasismo at World War II. Pero sa ngayon, mayroon pang UN at mga multilateral at bilateral na relasyon ng mga estado sa pagitan kapwa ng nagtutunggaling mga imperyalista at mga bansa sa ikatlong daigdig na nagtataguyod sa sarili nilang pambansang soberanya at sa interes nila sa

kapayapaan at pag-unlad na nagnanais na labanan ang pasismo at imperyalistang gera.

Ang masang anakpawis at buong sambayanan na nakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at



Parangal ng internasyunal na mga kaibigan sa Utrecht, Disyembre 23, 2022 para Ka Joma

sozialismo laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon ang nagbibigay sa atin ng pag-asa para sa maliwanag na kinabukasan ng pandaigdigang kapayapaan at kasaganahan para sa lahat. Nagsusulong sila ngayon ng pakikibakang masang anti-imperyalista at demokratiko laban sa kasalukuyang pandaigdigang krisis na iniluwal ng rebisyunistang pagtatraydor sa sosyalismo, neoliberalismo at pasismo. Ito ang pasakalye sa panibagong pagdaluyong ng pandaigdigang proletaryo-sosyalistang rebolusyon.



Katawa'y nakapiit
Subalit diwa ko'y malayang gumagala
Sa lahat ng rehiyon at larangan
Sa lahat ng panahon.
Ang matagal ko nang ginagawa
Para sa rebolusyon
Ay hindi magugupo ng isang bigwas.
Kayo ang nagpapatuloy.
Nang ako'y dakpin,
Ang mga pwera ng rebolusyo'y
Malayo na'ng narating
Mula sa iilang pinagsimulan.
Mangahas na ituloy ang pag-akyat.
Huwag hayaang ang pagkadapa ng isa'y
Pumutol sa ating dakilang pagsulong.
Itaas pa ang pagtanghal ng bandilang pula.
Lagi niyo akong kapiling,
Sa inyong mga pag-aaral, gawain at
labanan
Lagi niyo akong kapiling,
Sa pagtupad ng mahahalagang tungkulin.
Ako'y kasalo ninyo
Mariwasa man o mahirap
Lagi akong nasa hanay
Ng martsa kasama niyo.
Saklawin ang buong bansa;
Abutin lahat ng sulok;
Pangibabawan lahat ng hirap;
Tiyakin ang ating tagumpay.

26 Disyembre 1977

(Salin mula sa English na I am Always with You)

LAGI
NIYO
AKO
NG
KAPI
LING

ANG GERIL YA AY TULAD NG MAKA TA

Ang gerilya ay tulad ng makata
Matalas sa kaluskos ng mga dahon
Sa pagkabali ng mga sanga
Sa mga onda ng ilog
Sa amoy ng apoy
At sa abo ng paglisan.

Ang gerilya ay tulad ng makata
Nakasanib sa mga puno
Sa mga palumpong at rokas
Nakakaalangan subalit tumpak
Bihasa sa batas ng paggalaw
Pantas sa laksang larawan.
Ang gerilya'y tulad ng makata
Karima ng kalikasan
Ng sutlang ritmo ng kaluntian
Katahimikang panloob, kamusmusang
panlabas


Aserong tibay ng panatag na loob
Na sumisilo sa kaaway.

Ang gerilya ay tulad ng makata
Kasabay ng luntiang, kayumangging masa
Sa palumpong na pinaliliyab ng pulang
bulaklak

Na nagkokorona at nagpapaalab sa lahat,
Dumadagsa sa kalupaan tulad ng baha
Dumadaloy sa wakas laban sa kuta.
Walang hanggang kilusan ng masa,
Masdan ang matagalang tema
Ng epikong bayan, ng digmang bayan.

1968

(Salin mula sa English na The guerrilla is like a poet)



**Dakilang komunistang paham,
lider, guro at gabay
ng proletaryong Pilipino
at tagatanghal ng sulo
ng pandaigdigang kilusang
komunista**

RESOLUSYON ng IKALAWANG KONGRESO
Ng Partido Komunista ng Pilipinas
Nobyembre 7, 2016



Ang Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ay nagpaparating ng taimtim na pagkilala at nagpapahayag ng pinakamalalim na pasasalamat kay Kasamang Jose Maria Sison sa kanyang dambuhalang kontribusyon sa rebolusyong Pilipino bilang tagapangulong tagapagtatag ng Partido, tagapagtatag ng Bagong Hukbong Bayan at tagapamandila ng Demokratikong Gubyernong Bayan sa Pilipinas.

Si Ka Joma ay isang namumukod na Marxista-Leninista-Maoista at walang kapagurang rebolusyonaryong mandirigma. Inilapat niya ang materyalismong diyalektiko at istoriko para ilantad ang pundamental na katangian ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas. Naghapag siya ng matalim na pagsusuri na naglantad sa naghihingalo, mapagsamantala at mapang-aping paghahari ng malalaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa sa pakikipagsabwatan sa imperyalismong US.

Inilatag niya ang programa para sa demokratikong rebolusyong bayan bilang kagyat na paghahanda para sa sosyalistang reboluson. Parati siyang nakatanaw sa pinakalayunin ng komunismo.

Si Ka Joma ang tagapaghawan ng rebolusyonaryong landas. Sa kanyang kabataan, sumanib siya sa mga pederasyong manggagawa at tumulong sa pag-oorganisa ng mga unyon. Binuo ni Ka Joma ang SCAUP (Student Cultural Association of the University of the Philippines) noong 1959 para itaguyod ang pambansang demokrasya at Marxismo-Leninismo at ilunsad ang pakikibakang pang-ideolohiya at pangkultura laban sa relihiyo-sektaryan at anti-komunistang mga pwera sa hanay ng mga estudyanteng intelektwal. Kasama ang kapwa mga proletaryong rebolusyonaryo, pinangunahan niya ang mga pulong pag-aaral para magbasa at talakayin ang mga klasikong akdang Marxista-Leninista.

Sa ilalim ng pamumuno ni Ka Joma, nag-organisa ang SCAUP ng aksyong protesta noong Marso 1961 laban sa panggigipit ng Committee on Anti-Filipino Activities ng kongreso na tumarget sa kaguruan ng UP na inakusahang nagsusulat at naglilimbag ng mga babasahing Marxista na labag sa Anti-Subversion Law. Halos 5,000 estudyante ang lumahok sa demonstrasyon na mayroong anti-imperyalista at anti-pyudal na katangian, na kauna-unahan sa loob ng mahigit sampung taon bago nito. Dahil dito,

naging target si Ka Joma ng reaksyunaryong karahasan at nakaligtas sa mga tangka sa kanyang buhay. Walang pagkatinag, nagpatuloy siya at ang SCAUP sa paglulunsad ng mga protesta laban sa Laurel-Langley Agreement at Military Bases Agreement at kaugnay ng iba pang mga isyu tulad ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, karapatan ng manggagawa, kalayaang sibil at pampulitika at pakikiisa sa iba pang mamamayan laban sa agresyon ng US hanggang 1964.

Kalauna'y sumali siya at ang ibang proletaryong rebolusyonaryo sa lumang pinagsanib na Partidong Sosyalista at Komunista noong 1961. Bilang pagkilala sa kanyang kasigasigan bilang komunista at kabataan, itinalaga siya sa pamunuan ng kawanihan sa kabataan ng lumang Partido at hinirang na kagawad ng komiteng tagapagpaganap. Pinangunahan niya ang mga pagpupulong para pag-aralan ang mga klasikong akda nina Marx, Lenin, Mao at iba pang dakilang komunistang paham na nagsilbing paghamon sa lipas katayuan ng lumang Partido.

Itinatag niya ang Kabataang Makabayan noong Nobyembre 1964 at pinamunuan ang pag-unlad nito bilang isa sa pinakaimportanteng organisasyon ng kabataan sa kasaysayan ng Pilipinas. Bilang tagapangulo ng KM, at isang nakababatang propesor at militante, nag-ikot siya sa mga kampus at nagtalumpati sa mga estudyante gayundin sa mga kabataang propesyunal para itulak ang pangangailangang maglunsad ng isang pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang kanyang mga talumpating tinipon sa librong Makibaka para sa Pambansang Demokrasya ay nagsilbing isa sa mga pundasyon ng pambansa-demokratikong kilusang propanda. Ang KM kalaunan ay tatayo sa unahan at magiging bag-as ng malalaking demonstrasyong masa sa huling bahagi ng dekada 1960 hanggang sa deklarasyon ng batas militar sa 1972.

Bilang isa sa mga lider ng lumang partido, inihanda ni Ka Joma ang isang pampulitikang ulat na naglantad at nagtakwil sa rebisyunismo at oportunismo ng magkasunod na pamumunong Lava gayundin ang mga kamaliang adbenturismong militar at kapitulasyon ng pangkating Taruc-Sumulong sa lumang hukbong mapagpalaya ng bayan. Nabulok na ang lumang partido bilang isang tahasang rebisyunistang partido.

Bilang si Amado Guerrero, pinamunuan ni Ka Joma ang muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa teoretikal na pundasyon ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inihanda niya ang konstitusyon ng Partido, ang Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan at ang dokumentong Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Itatag ang Partido at pinanguluhan ang Kongreso ng Muling Pagtatatag na isinagawa sa Alaminos, Pangasinan noong Disyembre 26, 1968. Noong 1969, inakda niya ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino na naglatag sa kasaysayan ng mamamayang Pilipino, sumuri sa malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino at nagbigay-kahulugan sa demokratikong rebolusyong bayan. Inihanda niya ang Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan at ang Deklarasyon ng Bagong Hukbong Bayan at pinamunuan ang Pulong ng mga Pulang kumander at mandirigma para itatag ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 29, 1969.

Pinamunuan niya ang Partido sa maagang yugto ng pag-unlad nito. Sinulat niya ang Gabay Pang-organisasyon at Balangkas ng mga Ulat noong Abril 1971 at ang Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa noong Setyembre 1972 na kapwa nagsilbi sa pagdidirihe sa gawain sa pagtatayo ng mga organisasyong masa, mga organo ng kapangyarihang pampulitika, mga yunit ng hukbong bayan at Partido, gayundin sa pagpapakilos sa mga magsasaka sa paglulunsad ng rebolusyong agraryo. Inakda niya ang

Ka Joma at Ka Julie (pangatlong hanay sa likod ni Chairman Mao at Premier Zhou Enlai) sa paglahok nila sa ika-25 na anibersaryo ng Yanan Forum sa China, inilathala sa People's Daily noong Mayo 8, 1967





Mga myembro ng Kabataang Makabayan nagraling-iglap noong Disyembre 21, 2022

Paunang Ulat sa North Luzon noong Agosto 1970 na nagsilbing gabay sa gawain ng iba pang mga komite sa rehiyon.

Habang idinidirehe ang pagpapaunlad at pagsasanay sa Bagong Hukbong Bayan mula sa paunang base nito sa Central Luzon tungo sa mga kagubatan ng Isabela sa Cagayan Valley, ginabayan niya rin ang mga kabataang aktibista sa paglulunsad ng pakikibakang masa sa Metro Manila laban sa diktadurang US-Marcos.

Tuluy-tuloy na nakasubaybay si Ka Joma sa rebolusyonaryong pagdaluyong ng kilusang estudyante at manggagawa noong 1970 at 1971. Umalingawngaw ang pangalang Amado Guerrero sa Maynila at iba pang syudad kasabay ng mga panawagang lumahok sa digmang bayan sa kanayunan.

Mabilis na lumago ang PKP sa unang mga taon nito sa ilalim ng pamumuno ni Ka Joma. Itinatag ng Partido ang sarili sa iba't ibang bahagi ng bansa at pinamunuan ang pambansang pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Personal niyang sinubaybayan ang pagsasanay sa pulitika at militar ng mga kadre ng Partido at mga kumander ng BHB sa kagubatan ng Isabela kung saan nagmula ang mga ipinakat sa ibang mga rehiyon.

Noong 1971, pinanguluhan niya ang pulong ng Komite Sentral at inihapag ang Paglalagom sa Ating mga Karanasan Matapos ang Tatlong Taon (1968-1971). Inihanda niya noong 1974 ang Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan na buong-linaw na naglatag ng estratehiya at taktika sa paglulunsad ng digmang bayan sa Pilipinas. Noong 1975, inakda niya ang Mahigpit Nating mga Tungkulin, na naglalaman ng ulat at programa sa pagkilos ng Komite Sentral. Nagsilbi siyang punong patnugot ng Ang Bayan sa unang mga taon ng publikasyon.

Habang lihim na kumikilos, patuloy na ginabayan ni Ka Joma ang Partido at BHB sa paglago nito sa ilalim ng brutal na pasistang rehimeng batas militar ng diktador na si Marcos. Naglabas siya ng mga pabatid sa mga kadre ng Partido at masang aktibista sa kilusang lihim. Puspos ng inspirasyong halaw sa naggangalit na digmang bayan sa kanayunan, hinamon nila ang pasistang makinarya at isinulong ang pag-oorganisa sa hanay ng mga estudyante at manggagawa.

Pumutok ang unang welga ng manggagawa noong 1975 na nagpasimula sa paglago ng kilusang manggagawa. Inilunsad ang malalaking demonstrasyon ng mga estudyante mula 1977 laban

sa tumataas na bayarin sa eskwela at ang bumubulusok na sistema ng edukasyon na tuluyang bumasag sa lagim ng batas militar.

Patuloy na pinamunuan ni Ka Joma ang pambansang paglago ng Partido hanggang 1977 nang naaresto sila ni Julie ng mababangis na ahente ng diktadurang Marcos habang bumabyahe mula sa isang larangang gerilya tungo sa isa pa. Para siyang tropeyo na ibinigay ng AFP kay Marcos. Idinetine siya, ipinailalim sa matinding tortyur at ibinartolina nang higit limang taon na naputol lamang noong pagsamahin sila ni Julie noong 1980-1981, at matapos nito ay bahaging solitaryong pagkakulong kasama ang isa o dalawa pang bilanggong pulitikal mula 1982-1985.

Habang nasa kulungan, nagawa ni Ka Joma na panatilihin ang ugnayan sa pamunuan ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa sa labas sa pamamagitan ng sikretong mga paraan sa komunikasyon. Sa tulongan nila ni Ka Julie, habambuhay na katuwang at kasama ni Ka Joma, gumawa sila ng mahahalagang liham at pabatid. Noong 1983, inilabas ni Ka Julie ang artikulong JMS Hinggil sa Moda ng Produksyon na nagsilbing teoretikal na pagpapaliwanag at paglilinaw sa katangian ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan para itakwil ang kalituhan sa mga ipinagmamalaking industriyalisasyon ng diktadurang US-Marcos. Kontra-atake ito sa mga nagpapanggap na para sa sosyalismo, na pilit nagsasabing naging isa nang bansang kapitalista ang Pilipinas sa ilalim ng pasistang diktadura.

Lumitaw ang isang makapangyarihang daluyong ng anti-pasistang kilusang masa kasunod ng asasinasyon ni Marcos sa karibal na si Benigno Aquino noong 1983. Itinulak ito pangunahin ng kilusang manggagawa at estudyante na nakapaglulunsad ng demonstrasyong nilahukan ng 50,000 o higit pa mula sa huling bahagi ng 1970 hanggang 1980. Noong 1984, inilabas ni Ka Joma ang akdang Hinggil sa Papatalong Landas ng AFP gamit ang pangalang Patnubay Liwanag para tasahin ang balanse ng pwersa at para magbigay ng senyal o kumbinsehin ang Pentagon na mas mainam na bitawan na si Marcos, na maaaring magdulot ng bitak sa AFP. Noong Setyembre 1984, sumang-ayon ang Pentagon sa pormulang Armacost at nagdesisyong sumama sa US State Department at iba pang ahensya ng US sa paglalaglag sa kanya. Sa maagang bahagi ng 1985,



pinirmahan ni Reagan ang National Security Directive na mayroong tiyak na planong isaisantabi si Marcos.

Iginiit din ni Ka Joma na kailangang bakbakin ang reaksyunaryong armadong lakas ng kaaway sa kanayunan at palawakin ang hukbong bayan sa kritikal na bilang na 25,000 riple at isang gerilyang platoon kada munisipalidad bilang nakatutulong na pagpuna sa planong maglunsad ng "estrategikong kontra-opensiba."

Ang anti-pasistang pagdaluyong ay humantong sa pag-aalsang bayan na suportado ng rebelyong militar ng mga elemento ng reaksyunaryong AFP. Ang pagpupursige at solidong pamumuno ng Partido sa anti-pasistang kilusan at rebolusyonaryong armadong pakikibaka ang lumikha ng paborableng mga kundisyon na humantong sa pagpapatalas sa diktadurang US-Marcos noong 1986. Sa kabila ng malakas na pagtutol ng US at reaksyunaryong establisimiyento sa depensa, natulak ang rehimeng Aquino na buksan ang tarangkahan ng kinamumuhiang bartolina ni Marcos para makalaya si Ka Joma.

Hindi siya nag-aksaya ng panahon at kaagad bumalik sa gawaing rebolusyonaryo. Sa loob lamang ng ilang buwan, nakapaglunsad na siya ng mayor na serye ng lektura para ilatag ang kritikal na makauring pagsusuri sa rehimeng Corason Aquino at ilantad ito bilang kinatawan ng naghaharing malalaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa. Ang serye ng mga lektura na kalaunan ay bumuo sa librong Krisis at Rebolusyong Pilipino ay tumunggali sa pagsusuring "pampulitikalang ispektrum" ng mga populista na naglarawan sa rehimeng Aquino na burges-liberal para itulak ang mga rebolusyonaryong pwersa sa landas ng makauring kolaborasyon at kapitulasyon.

Naglunsad ang mga populistang ito, pati ang iba pang nagdudunung-dunungan, ng kampanya para sirain ang batayang pagsusuri sa mga uri at sistema sa produksyon sa Pilipinas upang bigyang matwid ang magulong konsepto ng isang estrategikong kontra-opensiba na hibang na umaasang makatatalon ang digmang bayan tungong estrategikong tagumpay na lumalaktaw sa inaasahang istorikong landas nito. Ilang susing lider ng Partido at rebolusyonaryong pwersa ang naakit sa mapangwasak-sa-sariling landas ng

insureksyunismo at adelantadong regularisasyon at adhenturismong militar. Magdudulot ito kalaunan ng matitindi at halos nakamamatay na kabiguan sa Partido at BHB, gayundin sa kilusang masa sa kalunsuran.

Sapilitang nadistyero si Ka Joma noong 1987 nang ikansela ng rehimeng Aquino ang kanyang pasaporte at mga papeles para makabyahe, at humingi ng pampulitikang asylum sa The Netherlands habang naroon siya para magbigay ng mga lektura. Nanirahan siya kalaunan sa Utrecht at sumanib sa gawain ng mga kasama sa internasyunal na tanggapan ng National Democratic Front. Bagaman ilang libong milya ang layo sa Pilipinas, patuloy niyang pinanatili ang kanyang mahigpit na pakikipag-ugnayan sa mga lider ng Partido sa bansa at nagbigay ng mga payo at gabay para tulungan sila sa kanilang gawain.

Si Ka Joma ang isa sa pinakamatatag na tagapagtaguyod ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto na inilunsad ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ng PKP noong 1992. Aktibong hiningi ng pamunuan ng Partido ang kaalaman at pagsusuring teoretikal ni Ka Joma. Sa paghahanda sa susing dokumentong Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali, sumangguni ang pamunuan ng Partido kay Ka Joma at sa mga dokumento sa pagtatatag ng Partido na kanyang inakda. Sa buong suporta ni Ka Joma, pinagkaisa at pinalakas ng kampanyang pagwawasto ng 1992-1998 ang Partido sa higit na mas mataas na antas.

Susi rin ang papel ni Ka Joma sa pag-akda ng Manindigan Para sa Sosyalismo laban sa Modernong Rebisyunismo na nagbigay liwanag sa landas ng

sosyalistang rebolusyon noong madilim na panahon ng ganap na panunumbalik ng kapitalismo sa Soviet Union noong 1990 na binansagan sa monopolyo kapitalistang masmidya na pagbagsak ng sosyalismo, pagpapabula sa komunismo, at "katapusan ng kasaysayan" at huling tagumpay ng sistemang kapitalista.

Salamin ng matalas na Maoistang kritika ni Ka Joma sa modernong rebisyunismo, ang dokumento'y naglahad ng malinaw na istorikong pag-unawa sa proseso ng kapitalistang pagpapanumbalik sa USSR mula 1956. Nagsilbi itong susi sa pag-unawa sa nagpapatuloy na kawastuhan ng sosyalismo, at inspirasyon ng proletaryong Pilipino na magpunyagi sa dalawang-yugtong rebolusyon, at ng pandaigdigang proletaryo na isulong ang soysalistang simulain.

Ang base ni Ka Joma sa Utrecht kalauna'y naging sentro sa pulitika ng internasyunal na mga kilusang komunista at pakikibakang anti-imperyalista. Gumampan siya ng mahalagang papel sa pagdiriwang sa sentenaryo ni Mao Zedong noong 1993 na nagsilbing masigasig na kampanya sa ideolohiya para muling pagtibayin ang mga pananaw na Marxista-Leninista at para itanghal ang Maoismo bilang ikatlong pangkasaysayang yugto ng pag-unlad ng Marxismo-Leninismo.

Hanggang sa maagang bahagi ng dekada 2000, gumampan siya ng nangungunang papel sa pagbubuo ng International Conference of Marxist-Leninist Parties and Organizations (ICMLPO) na nagsilbing sentro ng pagtutulungan sa ideolohiya at praktika sa hanay ng mga partidong komunista at manggagawa na nandindigan para sa sosyalismo at tumuligsa sa

Programang-parangal ng mga kasama sa Blcol para kay Ka Joma



modernong rebisyunismo. Nagbigay siya ng makabuluhang kaalaman at praktikal na tulong sa maraming partido komunista mula Asia hanggang Europe at hanggang America.

Sa nagdaang huling dekada, pinamumunuan niya ang International League of People's Struggles o ILPS na nagsilbing sentro sa koordinasyon para sa anti-imperyalistang mga kilusan sa buong mundo. Inakda niya ang "Hinggil sa imperyalistang globalisasyon" noong 1997 na naglinaw na nananatili ang proletaryado sa panahon ng imperyalismo at sosyalistang rebolusyon.

Dahil sa kanyang papel sa paggabay sa pagsulong ng internasyunal na anti-imperyalistang pakikibaka, pinag-itan ng imperyalismong US si Ka Joma. Ibinilang siya sa listahan ng US ng "dayuhang terorista," kasama ang PKP at BHB. Sa edad na 68, inaresto siya noong 2007 ng mga pulis ng gubyernong Dutch at ikinulong nang higit 15 araw.

Simula 1992, kasama ang NDFP Negotiating Panel, mahusay na kinatawan ni Ka Joma ang interes ng mamamayang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan sa pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa magkakasunod na kinatawan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Itinalaga siyang Chief Political Consultant ng NDFP Negotiating Panel at mahusay na ginabayan ito sa pakikipagnegosasyon sa GRP sa nagdaang 25 taon.

Sa nagdaang huling mga taon, patuloy na nagbigay si Ka Joma ng napakahahalagang kaalaman sa lokal na krisis at sitwasyon ng rebolusyonaryong pwersa. Patuloy siyang nagbibigay ng payo sa Partido at rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa pagresolba sa mga problema sa pagsusulong ng rebolusyon sa bago at mas mataas na antas.

Naghain siya ng kritikal na mga pagsusuri sa obhetibong kalagayang pandaigdig. Nagbigay siya ng kritikang Marxista-Leninista sa kapitalistang krisis ng labis na produksyon na ugat ng internasyunal na krisis pampinansya at matagalang depresyon na yumayanig sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Muli niyang pinagtibay na tayo ay nananatiling nasa makasaysayang yugto ng imperyalismo, ang huling yugto ng krisis ng kapitalismo.



Si Ka Joma ang tagatanghal ng sulo ng pandaigdigang kilusang komunista. Sa madilim na panahon ng panunumbalik ng kapitalismo, pinanatili niyang naglalagablab ang apoy ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at nagbigay inspirasyon sa proletaryado na samantalain ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo, magpunyagi sa landas ng sosyalismo at komunismo at dalhin ang pandaigdigang rebolusyong komunista sa bagong kabanata ng muling pagkabuhay at panibagong pagpapasigla.

Mga resolusyon:

Pinagtibay ng Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na igawad ang pinakamataas na parangal kay Kasamang Jose Maria sison, dakilang komunistang paham, lider, guro at gabay ng proletaryong Pilipino at tagatanghal ng sulo ng pandaigdigang kilusang komunista.

Bilang pagkilala sa malaking kontribusyon ni Ka joma sa rebolusyong Pilipino at pandaigdigang kilusang manggagawa, pinagtibay rin ng Ikalawang Kongreso:

1. na atasan ang Komite Sentral na ipagpatuloy ang paghingi ng kaalaman at payo ni Ka Joma sa maraming aspeto ng gawain ng Partido sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon.
2. na iendorso ang limang bolyum na mga sulatin ni Jose Maria Sison bilang batayang sanggunian at materyal sa pag-aaral ng PKP at hikayatin ang buong kasapian ng Partido at rebolusyonaryong mga pwersa na basahin at pag-aralan ang mga sulatin ni Ka Joma.

Tiyak ang Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na sa kabang-yamang Marxista-Leninista-Maoista na ipinundar ni Ka Joma sa nagdaang limang dekada ng rebolusyonaryong praktika, mahusay na naarmasan ang Partido para pamunuan ang pambansa demokratikong rebolusyon sa higit na mataas na antas at ganap na tagumpay sa darating na mga taon.



MABUHAY ANG ALAALA NI KA JOMA! PALAKASIN ANG PARTIDO AT ISULONG ANG REBOLUSYON!

Editoryal
Disyembre 21, 2022

Natatanging parangal ang ibinibigay ng buong Partido at rebolusyonaryong kilusan kay Kasamang Jose Maria Sison (Amado Guerrero), tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, at pinakadakilang Pilipino at lider rebolusyonaryo ng nagdaang siglo. Sa mahabang panahon, si Ka Joma ang nagsilbing gabay at tanglaw, matibay na muog at sandigan ng Partido at rebolusyong Pilipino.

Si Ka Joma ay dalubhasa ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang ideolohiya ng proletaryado. Pinangunahan niya ang muling pagtatag ng Partido at pagpapanibagong-lakas ng rebolusyong Pilipino. Sinuri niya ang saligang katangian ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas, inilantad ang tatlong halimaw na imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na pangunahing umaalipin sa malawak na masang Pilipino, at itinuro ang landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon bilang daan tungo sa paglaya ng sambayanan mula sa kahirapan at kaapihan.

Lahatang-panig na pinalakas ni Ka Joma ang Partido. Tinuruan at sinanay niya ang libu-libong kadre ng Komite Sentral, mga sentral na organo at mga panrehiyong komite ng Partido, na namuno sa

pagpapalawak at pagpapalakas ng Partido sa buong bansa. Pinangunahan niya ang pagpundar ng Bagong Hukbong Bayan noong 1969 at sinanay at ginabayan ang unang hanay ng mga Pulang kumander at mandirigma nito. Pinamunuan niya noong 1973 ang pagtatatag ng National Democratic Front (NDF). Sa kanyang pangungulo, parang apoy sa kaparangan na kumalat ang digmang bayan sa buong bansa.

Nang masakmal ng kaaway, siyam na taong siyang tinortyur sa bartolina ng mga pasistang ahente, subalit nanaig ang kanyang rebolusyonaryong diwa. Nakalaya siya nang nalansag ang diktadura ni Marcos na hinambalos ng makapangyarihang alon ng pakikibakang bayan at armadong pakikibaka.

Napwersang madistyero si Ka Joma noong 1987 matapos bawiin ang kanyang pasaporte para hadlangang makauwi sa bansa. Mahigit 35 taon siyang namuhay nang simple sa The Netherlands sa isang maliit na *apartment* kapiling ang kanyang pamilya, at sa kanlungan ng mga migranteng manggagawang Pilipino. Malayo man, malapit pa rin siya sa rebolusyong Pilipino at nakapagbigay ng matatalas na pagsusuri at napapanahong payo. Naging bentahe sa rebolusyonaryong kilusan ang kanyang pagkadistyero na nagbigay ng pagkakataon at panahong ibayong pagyamanin ang teorya ng

rebolusyong Pilipino batay sa inaabot nitong praktika. Nang iligaw ang landas ng Partido, si Ka Joma ang liwanag na nagsilbing gabay para sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Nagsilbi siyang pangunahing tagapayo ng NDF sa pakikipag-usapang pangkapayaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at mahusay na ginabayan ang pagbubuo ng makasaysayang mga kasunduang alinsunod sa layuning kamtin ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Kaya hindi siya tinantanan ng mga militaristang galamay ng imperyalismong US, na kontra sa pagpupunyaging lutasin sa usapan ang mga panlipunan at pang-ekonomyang ugat ng gerang sibil.

Ipinaaresto siya noong 2007 sa gawa-gawang kasong ibinasura sa kalaunan dahil wala itong batayan. Tinatakan siyang “terorista” ng US at ng mga papet nito, isang akusasyong ibinasura sa korte sa Europe noong 2009. Paulit-ulit siyang inaakusahang utak ng pagbomba sa Plaza Miranda (1971) kahit ibinasura na ito ng isang korte sa Maynila noong 1994 dahil walang ebidensya.

Walang makatatanggi na sa kasaysayan ng Pilipinas, walang hihigit sa nagawa ni Ka Joma na pagpukaw sa sambayanang Pilipino para tumindig at lumaban. Milyun-milyong manggagawa, magsasaka, mga petiburges na intelektwal at mga ordinaryong kawani at propesyunal sa buong bansa ang nagbangon, nagkaisa at kumilos sa ilalim ng bandilang pula at sulo ng rebolusyon. Lahat ng aktibistang pambansa-demokratiko, Pulang mandirigma at kadre ng Partido ay nagsimulang mamulat at maantig sa “Lipunan at Rebolusyong Pilipino” (LRP), ang pinakakomprehensibong pagsusuri sa kasaysayan at kalagayan ng bansa.

Dahil sa kanyang pangungulo, hindi mapapawing ambag, at pag-aalay ng buong buhay para sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya, si Kasamang Jose Maria Sison ay isang dakilang bayani ng sambayanang Pilipino. Tunay siyang pinakadakila sa lahat.

Sa kanyang pagpanaw, iniwan ni Ka

Joma sa Partido ang isang ginintuang baol ng kayamanang teorya ng rebolusyong Pilipino. Gamitin at ibayo natin itong pagyamanin sa praktika ngayon at sa hinaharap na pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa sosyalistang rebolusyon. Ang hindi mawawalang kinang nito ang magsisilbing tanglaw natin sa pagsulong sa masukal na landas. Panatilihing Pula ang kanyang dakilang alaala at pamana. Matatag na ipagpatuloy ang rebolusyong sinimulan niya kasama ang ating mga dakilang martir at bayani.


Magpakadalubhasa tayo sa mga teorya at aral na iniwan ni Ka Joma. Isagawa natin ang kilusan para balik-aralan ang kanyang mga sulatin, mula sa LRP hanggang sa “Limang Bolyum” na koleksyon ng kanyang mga artikulo. Pahigpitin ang gagap sa Marxismo-Leninismo-Maoismo na siyang makauring paninindigan, pananaw at paraan ng pagsusuri at pag-iisip ni Ka Joma. Ang mahigpit na paggagap natin sa kanyang mga ideya at gabay ang isa sa susi sa ibayong pagsulong ng rebolusyong Pilipino sa darating na panahon.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay dakila. Nang muli itong itatag ni Ka Joma, batid niya ang tungkulin ng Partido bilang taliba ng uring proletaryado na mamumuno sa yugto ng bagong demokratikong rebolusyon, at sa buong pangkasaysayang panahon ng sosyalistang rebolusyon tungo sa komunistang lipunan. Sasaklawin nito ang panahong higit sa buhay ng isang tao o ilang salinlahi.

Naging mapalad ang Partido na nagtagal ang buhay ni Ka Joma at mahigit anim na dekada na namuno at nagbigay-gabay sa praktikal na kilusan. Sa Ikalawang Kongreso noong 2016, nagbigay-pugay at pinasalamatan ng Partido si Ka Joma.



Sa panahong buhay si Ka Joma, ilang salin na ng mga kadreng kanyang sinanay ang tumangan ng pamumuno sa Partido. Tiyak na ilang salinlahi pa ng mga kadre ng Partido—marahil ang iba’y hindi pa ipinapanganak—ang magbabasa at mag-aaral sa mga sulatin ni Ka Joma, kasama ang kina Marx, Engels, Lenin, Stalin, Mao, at yayakap at mamumuno sa dakilang simulain ng proletaryado.



“ Itanghal natin ngayong araw si Ka Joma na pinakadakilang bayani ng sambayanang Pilipino sa nagdaang siglo ng kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo. Hindi kailanman mabubura ang napakalaki niyang ambag sa pagbigay-hugis sa kamalayang patriyotiko at rebolusyonaryo ng sambayanang Pilipino at paghawan ng landas tungo sa pambansa at panlipunang paglaya. ”

*Pinakamataas na pagpupugay sa ating mahal na Ka Joma
Komite Sentral, Disyembre 17, 2022*